



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Hunyo 17, 2020

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

### **Nangungunang uri ng pagbabawas sa nakakalasong pagpaparumi sa hangin sa komunidad ng Bay Area**

*Nagsasagawa na ang mga industriya sa Bay Area ng mga hakbang para mauna sa pinakaproduktibong panuntunan para sa kalusugan sa nakakalasong pagpaparumi sa hangin*

**SAN FRANCISCO** – Mula sa mga dekada ng pagbabawas ng panganib sa kalusugan at pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa paghinga para sa mga bulnerableng komunidad nito, iniulat ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na nagsasagawa ang mga industriya ng mga maagang pagkilos para mabawasan ang mga epekto sa kalusugan ng mga ito sa mga residente, bilang bahagi ng pagpapatupad ng pinakamahigpit na regulasyon sa nakakalasong pagpaparumi sa hangin.

Ipinapatupad ng Regulasyon 11-18 ng Air District ang mga pamantayan sa mas mababang nakakalasong pagpaparumi sa hangin na nag-aatas sa mga kasalukuyang pasilidad na isagawa ang lahat ng kinakailangang hakbang para mabawasan ang mga panganib sa kalusugan at banta ng cancer sa mga nalalapit na komunidad. Tinatasa ng Air District ang lokal na panganib sa kalusugan gamit ang mga modelo na nagsasaama ng makabagong agham mula sa State of California's Office of Environmental Health Hazard Assessment (Opisina ng Pagtatasa sa Panganib sa Kalusugan sa Kapaligitan ng Estado ng California) sa mga epekto ng nakakalasong pagpaparumi sa hangin sa mga taong nakatira at nagtatrabaho sa malapit.

Ang pagpapatupad ng Regulasyon 11-18 ay nagreresulta na sa mga mas kaunting emisyon ng nakalalasong nagkokontamina sa hangin sa mga pasilidad sa pamamagitan ng mga proyekto sa preemptive na pagbabawas ng panganib, kasama ang imbentaryo ng mga emisyon sa pagwawasto at pagpapatunay, pagproseso ng mga pagbabago, at hakbang sa pagpapatighaw.

“Ang mga residente ng Bay Area ay nagsisimula nang makatanggap ng ilang benepisyo sa pinakamahigpit na regulasyon sa nakakalasong pagpaparumi sa hangin sa bansa,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Nakakakita kami ng mga maagang pagkilos mula sa industriya, para maunang magawa ang panuntunan na maghahatid ng mas malinis na hangin para sa ilan sa ating mga pinakabulnerableng komunidad. Nananatili ang aming pangako para agresibong isagawa ang mga karagdagang pagbabawas sa mga nakakasamang emisyon para protektahan ang kalusugan ng mga residente ng Bay Area.”

Sisimulan ng Air District ang mga pagtatasa sa panganib sa kalusugan para sa karamihan ng mga pasilidad para sa mga pinakanakakalasang epekto ng pagpaparumi ng hangin sa taglagas ng taon na ito, kung saan makakakumpleto ang mga natitirang pasilidad sa susunod na 12 buwan.

Ang Bay Area Air District ay humihingi ng komento mula sa publiko tungkol sa mga pangunahing pasilidad sa mga pagtatasa sa panganib sa kalusugan, na nagsimula bilang bahagi ng Regulasyon 11-18 ng Air District. Available ang ulat sa pagtatasa sa panganib sa kalusugan at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga kawani sa:

<https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>.

Ang Irvington Memorial Cemetery na nasa 41001 Chapel Way sa Fremont, CA 94538, ay ang magiging unang pasilidad kung saan ipapaskil ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa komento ng publiko alinsunod sa Regulasyon 11-18 ng Air District.

Magkakaroon ang publiko ng 45 araw para magbigay ng mga komento sa pagtatasa ng panganib sa kalusugan. Ibibigay ang mga komento online, at ipapadala sa pamamagitan ng email sa contact ng Air District, o isusumite sa pamamagitan ng pagsulat. Sasagot ang Air District sa lahat ng komento bago isapinal ang ulat.

Ipo-post ang pinal na ulat ng Pagsusuri sa Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA) sa talahanayan sa web. Kung lalampas ang mga panganib sa kalusugan sa antas ng pagkilos sa panganib, aatasan ang pasilidad na magsumite ng plano sa pagbabawas ng panganib sa loob ng anim na buwan ng pinal na pasya ng HRA. Susuriin at aaprubahan ng Air District ang mga plano sa pagbabawas ng panganib, at magkakaroon ang publiko ng mga plano sa pagbabawas bago isapinal ang mga ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)